



13 Abril 2025

LINGGO NG PALASPAS • LINGGO NG ALAY KAPWA

Taon K

Tinatanggap Natin si Hesus sa Ating Buhay

N.B. Ang pari ay gagamit ng PULANG kasuotan. Gaganapin ang “Pagbabasbas ng Palaspas” sa halip ng “Pagsisisi.”

Unang Bahagi: ANG PAGGUNITA SA PAGPASOK NG PANGINOON SA JERUSALEM

Pambungad

Osana ang aming awit, dakilang Anak ni David. Sa ngalan ng D'yos sa langit, pagpapala ang pagsapit ng pagtubos sa daigdig.

[Magtitipon ang pari at mga mag-sisimbang may dalang palaspas sa labas ng simbahan na siyang patutunguhan ng prusisyon.]

P— Mga minamahal na kapatid, limang linggo na tayong naghahanda ng sarili para sa pagdiriwang ng Pasko ng Pagpapakasakit at Pagkabuhay ng Panginoon. Sinikap nating unawain at tuparin ang ating pananagutan sa Diyos at sa kapwa tao alinsunod sa aral at halimbawa ni Hesuskristo. Kaisa ng buong Simbahan, sinisimulan natin ngayon ang mga Mahal na Araw. Si Kristo ay matagumpay na pumasok sa kanyang lunsod upang tuparin ang kanyang gawain bilang Mesiyas: ang magpakasakit, mamatay, at muling mabuhay para sa ating kaligtasan. Taimtim nating sariwain sa alaala ang kanyang pag-aalay ng sarili para sa kapwa at sundan natin siya nang may buhay na pananampalataya. Kaisa niya sa pagdurusa sa krus, tayo nawa ay makahati niya sa kanyang pananaig sa kamatayan at sa kanyang bagong buhay.

P— Manalangin tayo. (*Tumahimik sandali.*) Ama naming kapangyarihan, ang mga palaspas na ito ay iyong pagpalain (✠) at pa-



banalin upang sa masaya naming pagbubunyi sa Mesiyas na aming Hari, siya'y aming masundan at sa pamamagitan niya'y aming sapitin ang hindi magmamaliw na lunsod ng Jerusalem na kanyang pinaghaharian, kasama mo at ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B— Amen!

[Babasbasan ng pari ang mga palaspas nang walang anumang sinasabi.]

Mabuting Balita Lu 19:28-40

P— Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B— Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, nagpauna si Hesus patungong Jerusalem. Nang malapit na siya sa

Betfage at Betania, sa bundok na kung tawagi'y Bundok ng mga Olibo, pinauna niya ang dalawang alagad.

Sinabi niya sa kanila, “Pumunta kayo sa susunod na nayon. Sa pagpasok doo'y matatagpuan ninyo ang isang bisirong asnong nakatali; hindi pa ito nasasakyan ninuman. Kalagin ninyo at dalhin dito. Kapag may nagtanong kung bakit ninyo kinakalag, sabihin ninyong kailangan ng Panginoon.”

Kaya't lumakad ang mga inutusan at natagpuan nga nila ang asno, ayon sa sinabi sa kanila ni Hesus. Samantalang kinakalag nila ito, tinanong sila ng mga may-ari, “Bakit ninyo kinakalag iyan?” “Kailangan ito ng Panginoon,” tugon nila. Dinala nila kay Hesus ang asno, at matapos isapin sa likod nito ang kanilang mga balabal, siya'y pinasakay nila. Nagpatuloy si Hesus sa kanyang paglalakbay, at sa kanyang daraanan nama'y inilalatag ng mga tao ang kanilang mga balabal. Nang malapit na siya – palusong na sa libis ng Bundok ng mga Olibo – nagsigawan sa galak ang buong pangkat ng mga alagad at malakas na nagpuri sa Diyos dahil sa mga kababalaghang nasaksihan nila. Ang wika nila, “Purihin ang hari na dumarating sa ngalan ng Pa-

langit at sansinukob.
(*Luwalhati at papuri sa iyo,
Panginoong Hesukristo!*)

Mabuting Balita *Lu 23:1-49*
Sa kanyang pagpapakasakit,
hindi napadala si Hesus sa mga
pangyayari. Ang tanging tampok
sa kanya ay ang pagtupad sa plano
ng Ama para sa kaligtasan. Kaya
nga, nanunton siya sa landas ng
kababaang-loob at tahimik na
pagtitiis.

N.B. Ang salaysay ng Pagpapaka-
sakit o Pasyon ay maaaring basahin
ayon sa mga tauhan. Ang maikling
paningit ng mga Tagapagsalaysay
ay maaari nang alisin.

Mga Tauhan:

H – Hesus; **T** – Tagapagsalaysay;
P – Pilato; **M** – Madla, Punong
saserdote; **L** – Lalaki; **K** – Kapitan

P – Ang Pagpapakasakit ng ating
Panginoong Hesukristo ayon
kay San Lucas

T – Noong panahong iyon: Tu-min-
dig ang matatanda ng bayan, ang
mga punong saserdote, at ang mga
eskriba. Dinala nila si Hesus kay
Pilato. Sinimulan nilang paratangan
siya. (*Anila*.)

M – “Ang taong ito’y nahuli nam-
ing nanunulsol sa aming kaba-
bayan na maghimagsik, at nagba-
bawal ng pagbabayad ng buwis sa
Cesar. Pinapaniwala pa niya ang
mga tao na siya ang Kristo, isang
hari.”

T – At tinanong siya ni Pilato:
P – “Ikaw ba ang Hari ng mga Ju-
dio?”

H – “Kayo na ang nagsasabi.”

T – (*tugon ni Hesus*.) Sinabi ni Pi-
lato sa mga punong saserdote at
sa mga tao,

P – “Wala akong makitang kasa-
lanan sa taong ito.”

T – Ngunit mapilit sila at ang wika,
M – “Sa pamamagitan ng kan-
yang mga turo’y inuudyukan
niyang maghimagsik ang buong
Judea. Nagsimula siya sa Galilea
at ngayo’y narito na.”

T – Nang marinig ito ni Pilato,
itananong niya kung taga-Galilea
si Hesus. At nang malamang siya’y
mula sa nasasakupan ni Herodes,
kanyang ipinadala siya sa taong
ito na noon nama’y nasa Jerusa-
lem.

Tuwang-tuwa ito nang makita
si Hesus. Marami na siyang naba-
litaan tungkol dito at matagal na
niyang ibig makita. Umaasa siyang
gagawa ito ng kababalaghan at
ibig niyang makita iyon. Kaya’t
itananong niya nang tinanong si

Hesus, ngunit hindi ito sumagot
kaunti man. Naroon ang mga pu-
nong saserdote at ang mga eskriba
na walang tigil ng kapaparatang
kay Hesus. Hinamak siya at tinuya
ni Herodes, pati ng kanyang mga
kawal. Sinuutan siya ng maringal
na damit at ipinabalik kay Pilato.
At nang araw ding iyon, naging
magkaibigan sina Herodes at Pilato
na dati’y magkagalit.

Ipinatawag ni Pilato ang mga
punong saserdote, ang mga pinu-
no ng bayan at ang mga tao, at
sinabi sa kanila,

P – “Isinakdal ninyo sa akin ang
taong ito sa kasalanang panunul-
sol sa mga tao. Ngayon, siniyasat
ko siya sa harapan ninyo, at napa-
tunayan kong walang katotohanan
ang mga paratang ninyo sa kanya.
Gayon din si Herodes, kaya si He-
sus ay ipinabalik niya sa akin. Hindi
siya dapat hatulan ng kamatayan
– wala siyang kasalanan. Kaya’t
ipahahagupit ko lamang siya saka
palalayain.”

T – Tuwing Paskuwa, kinakaila-
ngang magpalaya si Pilato ng isang
bilanggo para sa kanila. Subalit
sabay-sabay na sumigaw ang
madla,

M – “Patayin ang taong iyan! Pa-
layain si Barrabas!”

T – Nabilanggo si Barrabas dahil
sa paghihimagsik na nangyari sa
lunsod, at dahil sa pagpatay.

Minsan pang nagsalita sa kanila
si Pilato, sa pagnanais na mapalaya
si Hesus; ngunit sumigaw ang mga
tao,

M – “Ipako sa krus! Ipako siya sa
krus!”

T – Ikatlong ulit na sinabi sa ka-
nila ni Pilato,

P – “Bakit, anong ginawa niyang
masama? Wala akong makitang
dahilan upang siya’y ipapatay.
Ipahahagupit ko na lamang siya
at saka palalayain.”

T – Datapwa’t lalo nilang ipinag-
sigawan na dapat ipako si Hesus
sa krus; at sa wakas ay nanaig
ang kanilang sigaw. Kaya’t ipina-
siya ni Pilato na pagbigyan ang
kanilang kahilingan. Pinalaya
niya ang taong nabilanggo dahil
sa paghihimagsik at pagpatay,
ayon sa hinihingi nila, at ibinigay
sa kanila si Hesus upang gawin
ang kanilang kagustuhan.

Nang dala na nila si Hesus
upang ipako, nasalubong nila ang
isang lalaking galing sa bukid. Ito’y
si Simon na taga-Cirene. Pinigil nila
ito at ipinapanas sa kanya ang krus
kasunod ni Hesus. Sinusundan si
Hesus ng maraming tao, kabilang
ang mga babaing nananaghoy at
nananambitan dahil sa kanya. Ni-

lingon sila ni Hesus at sinabi sa
kanila,

H – “Mga kababaihan ng Jerusa-
lem, huwag ninyo akong tangisan.
Ang tangisan ninyo’y ang inyong
sarili at ang inyong mga anak.

Tandaan ninyo: darating ang
mga araw na sasabihin nila, ‘Ma-
palad ang mga baog, ang mga
sinapupunang hindi nagdalantao,
at ang mga dibdib na hindi nag-
pasuso.’ Sa mga araw na iyo’y sa-
sabihin ng mga tao sa mga bundok,
‘Gumuho kayo sa amin!’ at sa mga
burol, ‘Tabunan ninyo kami!’ Sa-
pagkat kung ganito ang ginagawa
sa kahoy na sariwa, ano naman
kaya ang gagawin sa tuyo?”

T – May dinala pa silang dala-
wang salarin upang pataying
kasama ni Hesus.

Nang dumating sila sa dakong
tinatawag na Bungo, ipinako nila sa
krus si Hesus. Ipinako rin ang dala-
wang salarin, isa sa gawing kanan
at isa sa gawing kaliwa. Sinabi ni
Hesus,

H – “Ama, patawarin mo sila, sa-
pagkat hindi nila nalalaman ang
kanilang ginagawa.”

T – At nagsapalaran sila upang
malaman kung alin sa kanyang
kasuutan ang mapupunta sa isa’t
isa. Ang mga tao’y nakatayo roon
at nanonood; nililibak naman siya
ng mga pinuno ng bayan. Anila,
M – “Iniligtas niya ang iba; iligtas
naman niya ngayon ang kanyang
sarili, kung siya nga ang Mesiyas,
ang hinirang ng Diyos!”

T – Nilibak din siya ng mga kawal,
nilapitan at inalok ng maasim na
alak. (*Sinabi nila*.)

M – “Kung ikaw ang Hari ng mga
Judio, iligtas mo ang iyong sarili.”

T – At nakasulat sa ulunan niya
sa wikang Griego, Latin at Hebreo:
“Ito ang Hari ng mga Judio.”

Tinuya siya ng isa sa mga sala-
ring nakabitin, at ang sabi,
L – “Hindi ba ikaw ang Mesiyas?
Iligtas mo ang iyong sarili, pati na
kami!”

T – Ngunit pinagsabihan siya ng
kanyang kasama,

L – “Hindi ka ba natatakot sa Di-
yos? Ikaw ma’y pinarurusahang
tulad niya! Matuwid lamang na
tayo’y parusahan nang ganito da-
hil sa ating mga ginawa; ngunit
ang taong ito’y walang ginawang
masama.”

T – (*At sinabi niya*.)

L – “Hesus, alalahanin mo ako
kapag naghahari ka na.”

T – (*Sumagot si Hesus*.)

H – “Sinasabi ko sa iyo: ngayon
di’y isasama kita sa Paraiso.”

T – Nang mag-iikalabindalawa
ng tanghali, nagdilim sa buong

nginoon! Kapayapaan sa langit!
Purihin ang Diyos!”

Sinabi sa kanya ng ilang Paris-
eong kasama ng karamihan, “Gu-
ro, sawayin mo nga ang iyong
mga alagad.” Sumagot siya, “Si-
nasabi ko sa inyo: kapag tuma-

himik sila, ang mga bato na ang
sisigaw.”

Ang Mabuting Balita ng Pangi-
noon!

**B – Pinupuri ka namin, Pangino-
ong Hesukristo!**

[Maaaring magbigay ng maik-

ling homiliya. Bago magsimula ang
prusisyon ay sasabihin ng pari:]

P– Mga minamahal na kapatid,
tularan natin ang mga taong nag-
bunyi kay Hesus. Halinang mag-
prusisyon sa kanyang karangalan,
taglay ang kapayapaan.

Ikalawang Bahagi: ANG BANAL NA MISA

N.B. Kapag walang pagbabasbas ng mga palaspas, ang Misa ay magsisimula sa nakagawiang paraan. Ang Pagsisisi ay kasunod ng Pambungad na Antipona/Awit at ng Pagbati.

PASIMULA



Pambungad na Antipona
(Ipahahayag lamang kung walang
awiting nakahanda.)

Anim na araw na lamang at ang
Paskong kapistahan napipintong
ipagdiwang, si Hesus na Poong
Mahal sa Jerusalem dumalaw.

Sa Jerusalem na lunsod si He-
sukristo’y pumasok, sinalubong
s’yang malugod ng mga batang
naghandog, “Osana” awiting taos.

Panalangin Pambungad

P – Ama naming makapangyari-
han, ginawa mong halimbawang
dapat tularan ang Tagapagligtas
naming naging di iba sa amin para
ang krus namin ay akuin. Paginda-
patin mong sa mga pagdiriwang ay
aming kamtin ang kanyang ulirang
pagkamatiisin at ang pakikisalo sa
pagkabuhay niyang maningning,
sa pamamagitan niya kasama ng
Espiritu Santo magpasawalang
hanggan.

B – Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Isa 50:4-7*
*Maririnig natin ngayon ang ikat-
long Awit ng Lingkod ng Diyos na*
nagbabadya ng misyon ni Hesus
at ng mga pasakit sa kanya.

L – Pagbasa mula sa Aklat ni
Propeta Isaias

Ang Makapangyarihang Pa-
nginoon ang nagturo sa akin
ng sasabihin ko, para tulungan
ang mahihina. Tuwing umaga’y
kanyang binubuksan ang aking
pandinig. Nananabik akong mala-
man kung ano ang ituturo niya sa
akin. Binigyan niya ako ng pang-
unawa, hindi ako naghimagsik ni

tumalikod sa kanya. Hindi ako tu-
mutol nang bugbugin nila ako, hindi
ako kumibo nang ako’y kanilang
insultuhin.

Pinabayaan ko silang bunutin
ang buhok ko’t balbas, gayon din
nang lurhan nila ako sa mukha.

Ang mga pagdustang ginawa
nila’y di ko pinapansin, pagkat ang
Makapangyarihang Panginoon ang
tumutulong sa akin. Handa akong
magtiis sa sampaling parang bato,
pagkat aking batid na ang sarili ko’y
di mapapahiya.

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 22*

**B – D’yos ko! D’yos ko! Bakit nam-
an ako’y’yong pinabayaan?**

R. M. Velez

Dm Gm A
D'yos ko! D'yos ko! Ba-kit naman a-
Dm
ko'y'yong pi-na--ba--yaan?

* Bawat taong makakita’y umiling,
nanunukso, palibak na nagtatawa’t
sinasabi ang ganito: “Nagtiwala siya
sa Diyos, ngunit hindi siya pansin;
kung talagang minamahal, bakit
hindi intindihin?” **B.**

* May pangkat ng mga buhong na
sa aki’y pumaligid, para akong nasa
gitna niyong asong mababangis, mga
kamay ko at paa’y butas sa pakong
matulis. Ang buto ng katawan ko ay
mabibilang sa masid. **B.**

* Pinaghati-hati nila ang damit
ko sa katawan, ang hinubad na
tunika’y dinaan sa sapalaran. H’wag
mo akong ulilahn, h’wag talikdan,
Panginoon; O aking Tagapagligtas,

bilisan mo ang pagtulong. **B.**

* Ang lahat ng ginawa mo’y
ihahayag ko sa lahat, sa gitna ng
kapulunga’y pupurihin kitang ganap.
Purihin ang Panginoon ng lahat
ng kanyang lingkod, siya’y inyong
dakilain, kayong angkan ni Jacob;
ikaw, bayan ng Israel, ay sumamba
at maglingkod. **B.**

Ikalawang Pagbasa *Fil 2:6-11*
Inilalarawan ni San Pablo ang
ganap na kababaang-loob at
ang mataas na papuri sa Anak
ng Diyos.

L – Pagbasa mula sa Sulat ni
Apostol San Pablo sa mga
taga-Filipos

Si Kristo Hesus, bagamat si-
ya’y Diyos, ay hindi nagpilit na
manatiling kapantay ng Diyos,
bagkus hinubad niya ang lahat ng
katangian ng pagka-Diyos, nagka-
tawang-tao at namuhay na isang
alipin.

Nang maging tao, siya’y nag-
pakababa at naging masunurin
hanggang kamatayan, oo, hang-
gang kamatayan sa krus.

Kaya naman, siya’y itinampok
ng Diyos at binigyan ng pangalang
higit sa lahat ng pangalan.

Anupa’t ang lahat ng nilalang
na nasa langit, nasa lupa, at nasa
ilalim ng lupa ay maninikluhod at
sasamba sa kanya.

At ipapahayag ng lahat na si
Hesukristo ang Panginoon, sa
ikararangal ng Diyos Ama.

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Awit-pambungad sa Mabuting Balita

B – (Luwalhati at papuri sa iyo,
Panginoong Hesukristo!)
Masunuring Kristo Hesus,
naghain ng buhay sa krus,
kaya’t dinakila ng D’yos; bi-
nigyan ng ngalang tampok sa

lupain hanggang sa ikatlo ng hapon. Nawalan ng liwanag ang araw; at ang tabing ng templo'y napunit sa gitna. Sumigaw nang malakas si Hesus,

H –“Ama, sa kamay mo'y ipinagtatagubilin ko ang aking espiritu!”

T –At pagkasabi nito, nalagot ang kanyang hininga.

(Luluhod ang lahat at mananahimik sandali.)

T –Nang makita ng kapitan ang nangyari, siya'y nagpuri sa Diyos. **K** –“Tunay ngang matuwid ang taong ito!”

T –(sabi niya.) Ang nangyaring ito'y nakita ng lahat ng taong nagkakatiyon at nagmamasid; at umuwi silang dinadagukan ang kanilang dibdib. Nakatayo naman sa di-kalayuan ang mga kaibigan ni Hesus, pati ang mga babaing sumunod sa kanya mula sa Galilea, at nakita rin nila ang mga bagay na ito.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B –Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B–Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P–Buong pagtitiwala sa dakilang pagmamahal ng Panginoon na

nakaunawa sa ating mga kahirapan at pangangailangan, idulog natin sa kanya ang ating mga kahilingan:

L –Panginoon, dinggin Mo kami!

* Nawa'y, tulad ng nagsitanggap sa kanya sa Jerusalem, maging bukas lagi ang mga puso ng lahat ng mananampalataya sa pagtanggap kay Hesus. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa'y ang Santo Papa, ating Obispo, at mga pari ay matagumpay na magpatuloy sa paggagabay sa atin upang maging tapat kay Hesus. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa'y ang pagpapasya ng lahat ng hukom sa ating bayan ay maging mabilis, walang pagkiling o bahid ng katiwalian. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa'y ang mga biktimgang pinagkaitan ng katarungan ay magpatuloy sa paghahanap ng hustisya nang may tibay ng loob at magtamo ng nauukol na katarungan sa buhay. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa'y maunawaan nating ang mga hirap at sakit ni Hesus ay dahil sa sarili nating mga pagkakasala at kawalan ng pagsisipi. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng tao sa buong daigdig: huwag sana nilang hayaang masapawan ng mga makabagong teknolohiya ang makataong pakikipag-ugnayan at pakikisama, at matutong igalang ang dangal ng tao, at makatulong sa lahat upang harapin ang mga makabago ring mga paghamon, manalangin tayo! **B.**

P–Panginoong Diyos, alalayan Mo kaming mabuhay alinsunod sa turo ni Hesus. Sa pakikibahagi namin sa kanyang paghihirap, makibahagi rin nawa kami sa kanyang kaluwalhatiang walang hanggan.

B–Amen!



P–Manalangin kayo . . .

B–Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakina-

bangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P–Ama naming Lumikha, pakundangan sa pagpapakasakit ng iyong Bugtong na Anak, sumaamin nawa ang iyong pagpaunlak na di makakamit ng tanang aming pagganap kundi ng paghahaing minsan lamang para sa lahat na mula sa iyo'y pinakinabangan namin at tinatanggap, sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!

Prepasyo ng Palaspas

P–Sumainyo ang Panginoon!

B–At sumaiyo rin!

P–Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B–Itinaas na namin sa Panginoon!

P–Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

B–Marapat na siya ay pasalamatan!

P–Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Wala siyang kasalanan ngunit inaring salarin sa pagmamalasakit niyang kami'y palayain sa kamatayang kinasuungan namin kaya't namatay siya upang kami'y buhayin.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B–Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B–Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain bilang pagkai't inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya'y dumating.



B–Ama namin . . .

P–Hinihiling namin . . .

B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P– Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang
(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

“Ama ko sa kalangitan, kung di mo mapapayagang kalis ay di ko inuman, sundin ang ’yong kaloo-bang ako’y maghain ng buhay.”
(Mt 26:42)

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, ngayong kami’y pinapagsalo mo sa banal na pakikinabang, kami’y iyong pinalingong may pag-asa sa aming sinasampalatayanan pakundangan sa pagkamatay ng

iyong Anak. Gawin mong kami’y makarating sa aming paroroonan pakundangan sa kanyang muling pagkabuhay bilang Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!



P– Sumainyo ang Panginoon.

B– At sumaiyo rin!

P– Pagpalain nawa kayo ng Makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B– Amen!

P– Humayo kayo sa kapayapaan ni Kristo.

B– Salamat sa Diyos!

KASAMA, KASANGGA, O KATUNGGALI?

Kalakbay at Katoto

Habang lumalapit ang halalan, lumalabas rin ang tunay na kulay ng mga kandidato o mamboboto. Hindi mahirap makita ang pagiging hunyango ng ilan sa mga kandidato. Ang mga dating mga magkatunggali ay ngayon ay magkakasama; mga dating parang magsing-irog sa iisang partido ngayon ay parang pinaghiwalay ng tadhana. Ang mga dati ay maiingay sa larangan ng politika, ngayon ay nagtatago at hindi natin alam kung saang lupalop naparoon.

Ito rin ang tila telenobelang sa araw na ito ay nagsisimula, kumbaga. Ang kaibahan nga lamang ay hindi ito isang teleserye. Ito ay salaysay ng pinakadakilang pag-ibig na natungyahan ng sangkatauhan sa kasaysayan . . . ang pinakadakilang kasaysayan ng pag-ibig.

Kasama . . . ito ang ugaling ipinakita ng marami nang pumasok si Jesus sa Jerusalem!

Nangasipaglabasan sa mga lansangan ang mga bata, matanda, at talubata . . . tangan nila ang anumang mahagilap sa kamay upang iwagayway, ilatag, iwagiswis bilang pagpupugay sa itinanghal nilang Haring dumarating.

Kasama . . . Ito ang larawan ng mga taong sa simula ay tuwang-tuwa sapagka’t dumarating

mula sa kaitaasan ang kanilang pinakaaasam, pinakahihintay! Halos manggayupapa ang lahat sa pagpuri at pag-awit: “*Osana sa kaitaasan . . . Pinagpala ang dumarating sa ngalan ng Panginoon!*”

Kasangga . . . ito ang larawang kanilang ipinamalalas. Kasangga sila ng kanilang itinatanghal at pinagpupugayan. Kasangga sila ng isang hindi malamang unawain at tanggapin ng mga namumuno sa bayan, na ang tingin sa kanya ay isang taong may madilim at maitim na pakay na hindi magugustuhan ng mga nasa kapangyarihan.

Minsan din nating ginampanan ang pagiging kasama at kasangga ni Kristong Mananakop. Di miminsan sa buhay natin na nagpahayag tayo ng pagiging kasama at kasangga ng Panginoong dumating sa kasaysayan upang isulat ang panibagong takbo ng kasaysayan.

Ngunit alam natin ang naging takbo ng salaysay . . . Ang ilan sa mga nagmakaingay na masiglang naging kasangga ng Panginoon ay nangagsipag baligtaran . . . naging mga balimbing na nag-astang mga hunyango ay tumalikod sa kanilang pinuri hanggang langit ilang araw lamang ang nakalilipas. Sa ikalawang bahagi



**WORD AND LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word And Life Publications

• Editorial Team: Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua

ng liturhiya natin, binasa natin ang pasyon, ang kwento ng kanyang pagpapakasakit at pagkamatay. Ang ilan sa mga balimbing na dati-rati ay umawit ng “Osana,” ay sila ring di naglaon ay sumigaw ng “tama na!”

Sala sa init; sala sa lamig ang mga balimbing na walang iisang salita.

Ito ang salaysay na nananalaytay sa ating kasaysayan, sa ating lipunan, sa ating kultura at pagkatao bilang Pinoy.

Higit sa lahat, tingnan natin ang sarili natin. Tingnan natin ang Inang Simbahan, na bilang samahan ng mga taong marupok ay sinagian at dinapuan na rin ng iba-ibang uri ng kabulukan, tulad ng mga pang-aabuso ng mga kabataan. Tingnan natin ang sarili natin sa salamin. Tingnan natin kung paano tayo maghusga tulad ng mga kalalakihang handang pumukol ng bato sa babaeng nahuli sa pakikiapid. Tingnan natin ang sarili natin ...

Hindi malayong makita natin ang larawan ni Judas, ni Pedro, ni Pablo – ng lahat ng mga makasalanang naging banal sapagka’t bumangon sila sa tulong ng kanilang itinatwa

at ipinagkanulo.

Kasama ako sa pulutong na ito ... kasama tayong lahat ... kasangga tayo dapat at tunay ngang di miminsang idineklara natin ang sarili bilang kasangga ni Kristo. Ngunit ang linggo ng palaspas ay salaysay tungkol sa mga balimbing at mga salawahan at tampalasan ... masakalanan tulad ko, tulad ninyo, tulad ng lahat.

Katunggali tayo ni Kristo ... di miminsan, di kayang ipagkaila gaano man kadulas ang ating mga dila, gaano man karami ang sanga ng mga dila natin ... kasama tayo sa tinatawag natin sa panalangin, na mga “dilang masasama.”

Pero tumitigil tayo taon-taon upang gunitain, upang balik-isipin at muling ganapin ... Alin? Ang dakilang salaysay ng pag-ibig sa atin ng Diyos na gumawa ng lahat para sa ating ikapapanuto at ikaliligtas. Sa kanyang dakilang pagpapakasakit, tayong mga katunggali at kalaban, dahil sa kanyang dakilang pag-ibig ay muling itinuring na kasama at kasangga. Muli natin naririnig ang mga katagang pinagnilayan natin noong isang Linggo: *“Wala bang naghuhusga sa iyo? Ako man, hindi kita hinuhusgahan. Humayo ka na at huwag nang magkasala!”*

CONFESSION:
The Way to
Spiritual Healing,
Growth and Freedom

 Word And Life Publications / Word And Life Religious Store

 https://shopee.ph/wordandlifereligiousstore_2021

 <https://www.lazada.com.ph/shop/salitaatbuhaystore>